



Office of the Sangguniang Panlungsod

DISTRICT I

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Councilor

HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor

HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor

HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

HON. LEVY M. TELA
City Councilor

DISTRICT II

ABSENT
HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor / President Pro-Tempore

HON. REYNALDO M. FABIAN
City Councilor

HON. ROGELIO M. NOLASCO
City Councilor

HON. ALDE JOSELITO P. PAGULAYAN
City Councilor

HON. SIMPLICIO G. DOMINGUEZ
City Councilor

HON. RAMON N. BAUTISEA
Liga ng mga Barangay President

HON. MAO RAVEN ESPERITU
SK Federation President

Attested by:
ATTY. NICOLAI A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:
HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Vice Mayor

Approved:
HON. STRIKE B. REVILLA
City Mayor

ORDINANSA BLG. 257-2023
Serye ng 2023

ISANG ORDINANSANG NAGTATATAG NG MGA PATAKARAN KAUGNAY SA PAGLALAKO NG MGA PANINDANG PAGKAIN SA MGA PAMPUBLIKONG LUGAR SA LUNGSOD NG BACOR AT NAGPAPATAW NG ANGKOP NA KAPARUSAHAN LABAN SA SINUMANG LALABAG DITO.

Akda nina:

Kgg. Adrielito Gawaran
(Chairperson, Committee on Social Services)

Kgg. Michael Solis
(Chairperson, Committee on Poverty Alleviation)

at

Kgg. Alde Joselito Pagulayan
(Chairperson, Committee on Health and Sanitation)

Sinuportahan nina:

Kgg. Ramon N. Bautista, Kgg. Simplicio G. Dominguez, Kgg. Mac Raven Espiritu, Kgg. Catherine Sarino-Evaristo, Kgg. Reynaldo M. Fabian, Kgg. Victorio L. Guerrero, Jr., Kgg. Alejandro F. Gutierrez, Kgg. Rogelio M. Nolasco, Kgg. Reynaldo D. Palabrica, and Kgg. Levy M. Tela.

SAPAGKAT, ang Sangguniang Panlungsod ay may kapangyarihan na isaayos kung paano isinasagawa ang bawat negosyo sa Lungsod ng Bacoor upang ang mga ito ay gawin nang naaayon sa batas at sa mga umilral na patakaran ng pamahalaan.

SAPAGKAT, mahalagang isaayos kung paano binebenta ang iba't ibang uri ng pagkain sa publiko upang masiguro na ang mga ito ay malinis, masustansya, at hindi nakakapaminsala sa pampublikong kalusugan.

SAPAGKAT, ang banta sa pampublikong kaligtasan at kalusugan na dulot ng patuloy na pananalasa ng COVID 19 at ng nagbabadyang "climate change" ay mga karagdagang dahilan kung bakit kinakailangan na ang paglalako ng mga panindang pagkain sa mga pampublikong lugar sa Lungsod ng Bacooray dapat isaayos ng Pamahalaang Lungsod.

SAMAKATUWID, ipinag-uutos sa ilalim ng Ordinansang ito ang mga sumusunod:



Office of the Sangguniang Panlungsod

DISTRICT I

HON. CATHARINE SARINO-EVARISTO
City Councilor

HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor

HON. ABDELITO G. GAWARAN
City Councilor

HON. VICTORIO L. GERRERO, JR.
City Councilor

HON. ALEJANDRO F. CUTIERREZ
City Councilor

HON. LEVI M. TELA
City Councilor

DISTRICT II

ABSENT
HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor / President Pro-Tempore

HON. REYNALDO M. FABIAN
City Councilor

HON. BERCELIO M. NOLASCO
City Councilor

HON. ALDE JOSELITO P. PAGULAYAN
City Councilor

HON. SIMPLICIO G. DOMINGUEZ
City Councilor

HON. RAMON N. BAUTISEA
Liga ng mga Barangay President

HON. MACHAVEN RESERITU
SK Federation President

Attested by:
ATTY. MARLID A. ATIGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:
HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Vice Mayor

Approved:
HON. STRIKE B. REVILLA
City Mayor

Section 1. Maikling Pamagat. Ang Ordinansang ito ay kikalalanin bilang "**Ambulant Food Vending Ordinance of Bacoor**".

Section 2. Saklaw. Nasasaklawan ng Ordinansang ito ang lahat ng naglalako ng pagkain sa mga lansangan, sidewalk, at iba pang pampublikong lugar sa Lungsod ng Bacoor kasama na ang mga manininda na gumagamit ng mga kariton, bisikleta, e-bikes, motorsiklo at iba pang uri ng sasakyan habang naglalako ng mga luto na o lulutuin pa lang na pagkain sa loob ng mga residential subdivisions.

Section 3. Pagbabawal. Ang pagtitinda o paglalako ng anumang uri ng luto na o lulutuin pa lang na pagkain sa lahat ng pampublikong lugar sa Lungsod ng Bacoor na gumagamit ng mga kariton, bisikleta, e-bikes, motorsiklo at iba pang uri ng sasakyan nang walang wastong permit mula sa City Health Office (CHO) at sa Business Permit and Licensing Office (BPLO) ng Pamahalaang Lungsod ng Bacoor, Cavite ay mahigpit na ipinagbabawal sa ilalim ng Ordinansang ito.

Section 4. Ambulant Vending Sanitation Permit at Ambulant Vending Business Permit Fee. Ang lahat ng taong saklaw ng ordinansang ito ay kailangang magbayad muna ng Ambulant Vending Sanitation Permit Fee na P50.00 at Ambulant Vending Business Permit Fee na P100.00 sa City Treasurer's Office bago makapagsimulang magbenta o maglako ng mga produktong nabanggit sa taas. Ang pagbabayad ng nabanggit na fees ay dapat gawin bago lumampas ang huling araw ng Enero ng bawat taon matapos maaprubahan ang Ordinansang ito. **Ang sinoman na nagnanais na kumuha ng nabanggit na Vending Sanitation Permit o Vending Business Permit sa taong 2023 ay bibigyan ng animnapung (60) araw mula sa petsa na naging epektibo ang Ordinansang ito upang makakuha ng mga nabanggit na permit.**

Section 5. Nagpapatupad na mga Alituntunin. Inuutusan ang CHO at ang BPLO na magtulungan sa pagbabalangkas ng implementing guidelines ng Ordinansang ito. Isusumite ng mga pinuno ng mga nabanggit na tanggapan ang kanilang panukalang implementing guidelines sa Punong Lungsod ng Bacoor sa loob ng animnapung (60) araw mula sa petsa na naging epektibo ang Ordinansang ito. Tanging ang Punong Lungsod ang mag-aapruba sa nabanggit na panukalang implementing guidelines.

Section 6. Panimulang Implementasyon. Ang panimulang implementasyon ng Ordinansang ito sa mga nalalabing buwan ng 2023 ay pamumunuan ng CHO sa pakikipagtulungan ng Punong

Ordinansa Bilang 257-2023 (**Ambulant Vending Ordinance of Bacoor**)

Enero 23, 2023



Office of the Sangguniang Panlungsod

DISTRICT I

HON. CATHYRINE SARINO-EVARISTO
City Councilor

HON. MICHAEL E. SOLES
City Councilor

HON. JOSELITO G. GAWARAN
City Councilor

HON. VICTORIO T. GUERRERO, JR.
City Councilor

HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

HON. LEYLA M. TELA
City Councilor

DISTRICT II

ABSENT
HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor / President Pro-Tempore

HON. REYNALDO M. FABIAN
City Councilor

HON. ROBERTO M. NOLASCO
City Councilor

HON. ALDE JOSELITO P. PAGULAYAN
City Councilor

HON. SIMPLICIO G. DOMINGUEZ
City Councilor

HON. RAMON N. BAUTISTA
Liga ng mga Barangay President

HON. MARIAN EN ESPERITU
SK Federation President

Approved by:
ATTY. KENNEDY A. ATTEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Vice Mayor

Approved by:
HON. STRIKE B. REVILLA
City Mayor

Barangay ng bawat barangay sa Lungsod ng Bacoor. Bago sumapit ang huling araw sa pagbabayad ng mga fees na nabanggit sa Section 4, titipunin ng mga barangay ang mga naglalako ng pagkain sa kanilang mga nasasakupan upang sila ay mabigyan ng maigsi pagpaganay tungkol sa malinis at maayos na pagluluto, paghahanda, pagbabalot, at pagbebenta ng luto na o lulutuin pa lang na pagkain. Ang nabanggit na pagpaganay – na hindi tatagal ng higit sa walong magkakasunod na oras – ay pamumunuan ng mga barangay health workers ng bawat barangay sa ilalim ng pamamahala ng CHO. Ang hindi pagdalo sa nasabing pagpaganay ay ituturing na paglabag sa Ordinansang ito.

Section 7. Kaparusahan. Ang sinoman na lalabag sa Ordinansang ito at sa nagpapatupad na mga alituntunin ng Ordinansang ito ay magbabayad ng multa na P500.00 sa bawat beses na may paglabag. Kung sakali na walang sapat na salapi ang sinoman na lalabag sa Ordinansang ito upang bayaran ang mustang nabanggit, siya ay pahihintulutan na magbigay ng serbisyo sa pamayanan (community service) na hindi hihigit sa walong (8) oras alinsunod sa mga naangkop na probisyon ng City Ordinance No. 228-2023 (na mas kilala bilang "**Uniform Procedures Implementation Ordinance of Bacoor**").

Section 8. Pagkakahiwalay. Kung sakaling ang anumang bahagi ng Ordinansang ito ay mapawalang bisa sa pag-uutos ng isang hukuman, ang mga natitirang bahagi ng Ordinansa na hindi apektado ng nabanggit na kautusan ay mananatiliing may bisa at naaayon sa batas.

Section 9. Pelsa ng Pagiging Epektibo. Ang Ordinansang ito ay magiging epektibo kaagad matapos na ang sipi nito ay mailathala ng kahit isang beses sa isang pahayagan na may pangkalahatang sirkulasyon sa Lalawigan ng Cavite.

IPINASA ng Ikalimang Sangguniang Panlungsod ng Lungsod ng Bacoor, Cavite sa ika-23 ng Enero 2023.

Pinatutunayan ko na ang mga nilalaman ng Ordinansang nabanggit na inaprubahan ng Konseho ay naaayon sa batas.

Pinatotohanan Ni:

KGG. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA

Pangalawang Punong Lungsod/Tagapangulo ng Pulong



Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOOR

Office of the Sangguniang Panlungsod

DISTRICT I

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Councilor

HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor

HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor

HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

HON. LEY M. TELA
City Councilor

DISTRICT II

ABSENT
HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor / President Pro-Tempore

HON. REYNALDO M. FABIAN
City Councilor

HON. ROBERTO M. NOLASCO
City Councilor

HON. ALDE JOSELITO P. PAGULAYAN
City Councilor

HON. SIMPLICIO G. DOMINGUEZ
City Councilor

HON. RAMON N. BAUTISEA
Liga ng mga Barangay President

HON. MACHAVEN JESERITU
SK Federation President

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary


Certified by:

HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Vice Mayor


Approved by:

HON. STRIKE B. REVILLA
City Mayor

Pinatunayan Ni:


ATTY. KHALID A. ATEGA JR.
Kalihim sa Sangguniang Panlungsod

Inaprubahan Ni:


KGG. STRIKE B. REVILLA
Punong Lungsod

09 FEB 2023

(Petsa ng Pag-apruba)